Pangalan: ____________________________________ Linggo: __________

Baitang & Pangkat : ____________________________ Petsa: ___________

## SANAYANG PAPEL # 6 PAKSA: Ang Pag-usbong ng Nasyonalismo at Paglaya ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):**
Napahahalagahan ang bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imeryalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nakapagtatala ng mga wastong kaalaman sa data retrieval chart tungkol sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya;
2. Nasusuri ang mga salik at pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo;
3. Naipahahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

## ENGGANYO

Ang pananakop, pagpapasailalim sa kapangyarihan at pagsasamantala ng mga bansang kanluranin sa mga bansang Asyano ang nagbigay daan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Asya. Ito ay damdaming makabayan na maipakikita sa matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa inang-bayan. Ito ay ang kahandaan ng isang tao na magtanggol at mamatay para sa kanyang bayan.

Ang pananakop ng mga Ingles sa India ang nagbigay daan upang magising ang diwa ng nasyonalismo.



Si **Mohandas Gandhi** ang nangunang lider nasyonalista sa India. Siya ang nagpakita ng mapayapang paraan sa paghingi ng kalayaan. Pinakinabangan nang husto ng mga Ingles ang mga likas na yaman ng India. Nagkaroon ng hindi pantay na pagtingin sa kanilang lahi. Ito ang naging dahilan upang magsagawa ng pag-aalsa ang mga Sepoy o sundalong Indian. Mas tumindi ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga Indian nang maganap ang ***Amritsar Massacre*** noong Abril13,1919.



Nagpatuloy ang pakikibaka at paghingi ng kalayaan hanggang sa ito ay makamtan noong Agosto 15,1947 pinamunuan ni **Jawaharlal Nehru**.

Hindi agad naipakita ng Kanlurang Asya ang nasyonalismo dahil karamihan sa mga bansa rito ay hawak ng dating malakas at matatag na imperyong Ottoman. Matapos bumagsak ang imperyong Ottoman ay nasakop ang mga bansa sa Kanlurang Asya. Naipatupad sa mga bansa sa Kanlurang Asya ang sistemang mandato. Nagsumikap ang mga bansa sa kanlurang Asya na unti-unting makamtan ang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman at mga kanluraning bansa. Ang nasyonalismo sa kanlurang Asya ay pinasimulan ng mga Arabo, Iranian at mga Turko bago pa ang Unang Digmaang Pandaigdig. Ang Kuwait ang unang bansa na lumaya sa Kanlurang Asya noong 1759.

## TALAB

**Gawain 1: Positibo o Negatibo**

Panuto: Lagyan ng ( + ) ang pahayag na iyong sinasang-ayunan at ekis ( x ) kung hindi. Isulat ang sagot sa isang papel.

_____1. Nasyonalismo ang naging pangunahing tugon ng mga Asyano sa pananakop ng mga kanluranin.
_____2. Naging matagumpay si Mohandas Gandhi sa kanyang mapayapang pakikipaglaban sa mga dayuhan.
_____3. Ang diskriminasyon at malawakang pagpatay ang nagtulak sa mga Hindu, Indian at Muslim upang labanan ang mga dayuhang Ingles.
_____4. Sistemang Mandato ang nagbigay daan sa paglaya ng mga bansa sa kanlurang Asya.
_____5. Ang Kuwait ang unang bansang nakalaya sa mga dayuhang Kanluranin.

## RUBDOB

**Gawain 2 : Data Retrieval Chart**

Panuto: Lagyan ng wastong impormasyon ang bawat kolum ng Data Retrieval Chart. Gawin ito sa isang papel.

| Rehiyon | Bansa | Dahilan ng Pagpapakita ng Nasyonalismo | Pamamaraang Ginamit para Matamo ang Kalayaan | Epekto sa mga Bansang Asyano |
|---|---|---|---|---|
| **Timog Asya** | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| **Kanlurang Asya** | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

.

## IRAL

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ay ang pagpapakita ng matinding pagmamahal at pagpapahalaga ng isang tao na magtanggol at mamatay para sa kanyang bayan.
A. Patriotismo
B. Nasyonalismo
C. Ideolohiya
D. Patriyarka

2. Ang rehiyong ito ang huling napasok ng mga dayuhang kanluranin dahil sa pinamamahalaan ito ng mga Turkong Ottoman;
A. Silangang Asya
B. Timog Asya
C. Kanlurang Asya
D. Timog Silangang Asya

3. Sa paanong paraan ipinakita ni Gandhi ang pakikipaglaban sa mga dayuhan sa mpayapang paraan?
A. Boycot
B. Pananalangin
C. Pag-aayuno or fasting
D. Lahat ng nabanggit

4. Paano mo maipamamalas ang pagmamahal sa bansa sa gitna ng kinakaharap na mga suliranin nito?
A. Susunod sa mga batas at alituntunin na ipinatutupad ng DOH, IATF at ng aming barangay upang makaiwas sa *virus*.
B. Gamit ang makabagong teknolohiya ay tutulong akong magpaabot ng mga kaalaman kung paano ang tamang pangangalaga sa katawan upang makaiwas sa sakit.
C. Tutulong sa mga *front liners* sa kahit na anumang paraan upang mapalakas ang kanilang loob upang patuloy nilang gampanan ang kanilang mga tungkulin sa panahon ng pandemya.
D. Lahat ng nabanggit

5. Anong gawain ng isang karaniwang mamamayang tulad mo ang maituturing na kabayanihan?
A. Maging tapat sa aking sarili, pamilya, bansa at sa Diyos
B. Pag-aaral nang mabuti at magbahagi sa aking mga nakababatang kapatid ng mga aralin na may kinalaman sa pagmamahal sa bansa
C. Pagtulong sa mga nangangailangan hindi lang sa pera kundi sa paglalaan ng oras talento at lakas nang walang hinihintay na kapalit.
D. Lahat ng nabanggit

References:

Asya Pag-usbong ng Kabihasnan; pp.312-315
Asya Pag-usbong ng Kabihasnan Manwal ng Guro sa AP;pp. 101-104
Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba; pp.222-229
Pana-panahon II Kasaysayan ng Asya. 353-354

Image retrieved:
https://en.wikipedia.org/wiki/Jawaharlal_Nehru
https://www.britannica.com/quiz/mohandas-gandhi-fact-or-fiction

**TEACHER'S FEEDBACK**

___

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________ Linggo: ______________

Baitang & Pangkat: ______________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mga pangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaan akong unawain at gawin / sgutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para sa magulang (*Lagyan ng tsek ang inyoong sagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | na marming hinininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |

Susi sa Pagwawasto

Gawain 1: TALAB

1. +
2. +
3. +
4. _
5. +

Gawain 2 RUBDOB (Data Retrieval)

.

Gawain 3 IRAL ( Pagsusulit )

1. B
2. C
3. D
4. D
5. D